# Protektahan ang iyong sarili mula sa Chlamydia

## Nanganganib ka ba? Magtakda ng appointment sa iyong provider ng pangunahing pangangalaga (PCP) ngayon.

Ang chlamydia ay isang bakterya na kumakalat sa pagitan ng mga tao sa panahon ng pagtatalik nang walang condom. Kung ikaw ay 16-24 na taong gulang at aktibo sa seks, dapat kang magpa-screen para sa chlamydia taun-taon, nagamot ka man noon o hindi.

### Magpatingin sa iyong provider ng pangunahing pangangalaga (primary care provider, PCP); mahalaga ito

- Kung ikaw ay aktibo sa seks, magpa-screen o magpa-Pap test sa iyong doktor. Kasama rito ang pagsusuri ng ihi o mga sampol ng swab ng bulak.
- Kung hindi ginagamot ang chlamydia, maaari itong magdulot ng malubhang permanenteng pinsala sa iyong sistemang reproduktibo, na dahilan para mahirap o imposibleng mabuntis.
- Karamihan ng mga tao na may chlamydia ay walang mga sintomas. Kaya mahalagang magpa-screen.
- Kung may mapansin kang mga sintomas, gaya ng mahapding pakiramdam kapag umiihi o may makita kang likidong nagbago ang kulay, dapat kang pumunta kaagad sa iyong doktor.

### Ang pagbisita na ito ay sagot ng UnitedHealthcare

- Pumunta sa iyong kasalukuyang PCP o gynecologist (OB/GYN) o maghanap ng isang nasa UnitedHealthcare network.
- Tandaang dalhin ang iyong member ID card sa pagbisita.

### Magpatulong para sa iyong appointment

- Mula sa pagtatakda sa iyong susunod na check-up appointment hanggang sa paghahanap ng doktor, makaka-asa ka sa amin na tutulungan kang makuha ang pangangalaga na kailangan mo, sa sandaling kailanganin mo ito.
- Tawagan ang Member Services sa **1-866-270-5785,** TTY **711,** 7 a.m.–7 p.m., Lunes–Biyernes, para sa tulong sa paggawa ng appointment o sa paghahanap ng PCP o gynecologist (OB/GYN).

### Ano ang aasahan sa pagbisita

1. Karaniwang isinasagawa ang pagsusuri ng ihi o sampol ng swab ng bulak bilang bahagi ng pagsasala.
2. Reresetahan ka ng antibiotic na dapat mong inumin nang hanggang 7 araw.
3. Mabuti ring magpasuri para sa mga iba pang sakit na nakukuha sa pakikipagtalik (mga STD).
4. Kausapin ang iyong doktor tungkol sa anumang ikinababahala sa panahon ng iyong pagbisita. Makakatulong ang pakikipag-usap para mawala sa isip ang iyong mga ipinag-aalala.

Tingnan ang likurang bahagi para sa higit pang kaalaman

UnitedHealthcare
Community Plan

# Chlamydia

## Mga iba pang mahahalagang hakbang para sa iyong kalusugan

- Ang paggamit ng latex condom ay isa sa mga pinakamabuting paraan para protektahan ang iyong sarili mula sa chlamydia.
- Kung ikaw ay buntis, dapat kang magpa-screen sa iyong unang prenatal na pagbisita. Kung hindi ginagamot, ang impeksyong ito ay maaaring maging sanhi ng maagang panganganak at maaaring maipasa sa iyong sanggol.

## Mga iba pang paraan para makatulong kami

- **NurseLine.** May mga tanong ka ba tungkol sa iyong pangkalusugan? Makipag-usap sa isang rehistradong nars 24/7. Tumawag sa **1-866-270-5785,** TTY **711.**
- **Mga pagpapatingin habang walang sakit.** Makakatulong ang mga karaniwang pagbabakuna at pagsusuri upang manatili kang malusog.
- **Kailangan mo ba ng masasakyan?** Nagbibigay kami ng masasakyan papunta at pauwi mula sa mga pagbisita sa doktor.

**myuhc.com/communityplan**

United Healthcare Community Plan

Pinagmulan: cdc.gov/std/chlamydia

© 2021 United HealthCare Services, Inc. Nakalaan ang lahat ng karapatan.

948-CST34258 11/21